# Mga Biosimilar na Gamot para sa Kanser

*Biosimilar Medicines for Cancer – Tagalog*

Ang biosimilar na gamot na paminsan-minsang tinatawag na biosimilar, ay katulad na kopya ng biyolohikong gamot na gawa sa mga protina o mga piraso ng protina. Ang immunotherapy at ilang targeted therapy na ginamit upang gamutin ang kanser ay mga halimbawa ng mga biyolohikong gamot, ngunit ang ilan lamang sa mga ito ay mga biosimilar na bersyon.

Ang biosimilar ay naiiba sa generic na gamot. Ang generic na gamot ay ang eksaktong kopya ng iba pang gamot na gawa sa mga kemikal. Hindi kagaya ng mga generic na gamot, ang biosimilar ay gawa sa buhay na mapagkukunan na katulad na katulad ng biyolohikong gamot, ngunit hindi ito ang eksaktong kopya.

## Paano gumagana ang mga biosimilar na gamot?

Ang biosimilar na ginagamit upang gamutin ang kanser ay gumagana gaya ng biyolohikong gamot na pinagkopyahan nito. Ang iba't ibang biosimilar ay maaaring:

- Tulungan ang katawan na hanapin at patayin ang mga selula ng kanser
- Tumulong na pigilang lumaki ang mga selula ng kanser.
- Tulungan ang immune system na atakihin ang mga selula ng kanser

## Ligtas ba ang mga biosimilar na gamot?

Kagaya ng ibang mga gamot, ang biosimilar ay sinusubukan sa mga klinikal na pagsubok upang matiyak na ito ay ligtas at mabisa gaya ng biyolohikong gamot na pinagkopyahan nito.

Para sa impormasyon tungkol sa kanser, tulong sa pang-araw-araw, at suporta, tumawag sa American Cancer Society sa **1-800-227-2345** o bumisita sa amin online sa **cancer.org/biosimilars**. Narito kami sa tuwing kailangan mo kami.

## Mga itatanong

Narito ang ilang bagay na maaari mong itanong sa iyong doktor at health care team:

- Mayroon bang makukuhang biosimilar para sa paggamot na iyong inirerekomenda?
- Anu-ano ang positibo at negatibong aspeto ng pagkuha ng biosimilar?
- Gaano kadalas kong makukuha ang paggamot?
- Gaano katagal ito ang aking paggamot?
- Saan ako pupunta para magpagamot?
- Kakailanganin ko ba ng iba pang uri ng paggamot?
- Anu-anong mga side effect ang maaari kong maranasan?
- Paano mapapangasiwaan ang aking mga side effect at ano ang maaari kong gawin tungkol sa mga ito?
- Babayaran ba ng insurance ang aking paggamot? Magkano ang kakailanganin kong bayaran?
- Kailan ko dapat tawagan ang doktor o nurse?



TAGALOG
©2021, American Cancer Society, Inc.
No. 080810

BBB. ACCREDITED CHARITY
bbb.org/charity